フィリピノ語版

# Balitang Iwas Krimen Tungo Kaunlaran ng Bayan

地域から始めよう！
しずおか防犯まちづくり

No. 161

Ika-8 ng Mayo 2020
Krimen tungo sa Kaunlaran ng Bayan

Inhilathala ng Lupon ng Mamamayan ng Shizuoka Kalihim, Dibisyon ng Ligtas na Pamumuhay at Trapiko
TEL:054-221-3715

## Mag-ingat sa mga Manloloko na Tumatawag o Nagpapadala ng E-mail Tungkol sa Ayuda para sa COVID-19!!

Pinagmulan: HP ng Kapulisan

### Halimbawa ng Tawag

Tawag mula sa isang babae na nagpakilala na miyembro ng task force sa COVID-19 at nagsabi na 「**Tungkol ito sa ayuda para sa mga negosyante na ipamimigay dahil sa COVID-19, pakibigay ang numero ng iyong account sa bangko**」.

Tawag mula sa isang lalaki na nagsabi na 「**May ayuda dahil sa COVID−19**」.

Naganap sa lalawigan!!

### Halimbawa ng E-mail

Pagkaraan ng paglitaw ng COVID−19, ang pamahalaan ay nagsisikap para pigilan ang pagkalat nito at gumawa ng iba't ibang hakbang upang hindi magdulot ng malaking epekto sa mga mamamayan. Maaaring mag−aplay ng ¥100,000 na ayuda kada tao sa sumusunod na website.

https://〇〇〇〇〇〇

Naganap sa lalawigan!!

Maaaaring dumami pa ang kaso ng mga kahina-hinalang tawag o e-mail katulad ng mga insidente sa itaas.

Ang mga nanghihingi ng kabayaran o ATM kard para sa pagtanggap ng ayuda o nanlilinlang para makakuha ng pribadong impormasyon ay maituturing na mga panloloko.

Kung makaramdam kayo ng hinala, agad itong ipaaalam sa kapulisan.

## Mag-ingat din sa mga nanamantalang negosyo dahil sa COVID-19!!

Naganap sa lalawigan!!

- May lalaking nagpapanggap na empleyado ng「WHO Japan」na nanloloko sa pamamagitan ng「pag-iikot sa mga bahay bahay para mag-imbestiga dahil may nag-positibo sa impeksyon sa lugar na iyon」at nanghihingi ng bayad para sa imbestigasyon.
- May lalaki na nagpanggap na「taga Tokyo Health Center」na tumawag sa telepono at sinabi「May gamot na para sa COVID-19. Mayroon ding pang-disimpekta ng kwarto」at sabay humingi ng pera.

## Impormasyon sa mga Naganap na Krimen sa Paligid

Enero 1～Mayo 6 2020（Pnaimulang Datos）

| Modus Operandi | Kabuuan/Taon | %Taas/Baba |
|---|---|---|
| Pagnanakaw ng Bisikleta | 749 | ▲140 |
| Pagnanakaw ng motor | 97 | ▲52 |
| Pagnanakaw ng Sasakyan | 25 | ▲30 |
| Pagnanakaw ng Gamit sa Loob ng Sasakyan | 272 | ▲16 |
| Pagnanakaw ng Parte ng Sasakyan | 132 | Dumami 28 |
| Panloloob sa Walang Taong Bahay | 122 | ▲22 |
| Panloloob | 64 | ▲16 |
| Pang-aagaw ng bag | 5 | ▲4 |
| Pagnanakaw sa Tindahan | 768 | ▲131 |

### Dumami ang pagnanakaw sa mga parte ng sasakyan！

**Anong parte ang ninanakaw?**


① Plaka ng sasakyan 34.6%
② Gulong at masa 8.6%
③ Baterya ng sasakyan 3.7%
④ Iba pang parte 53.1%

Panimulang Datos: Enero～Marso 2020 Kabuuan 81 na kaso

**Epektibo ang pagkabit ng mga iwas nakaw na gamit tulad ng iwas nakaw na turnilyo para maiwasan ang pagnanakaw ng parte ng sasakyan!!**

Pinagmulan: HP ng Kapulisan

# Grupo ng Iwas Krimen para sa Kaunlaran ng Bayan



## Ngayong Piskal na Taon

Ipinakikilala ang mga miyembro ng Iwas Krimen para sa Kaunlaran ng Bayan taong 2020
Naway makatulong ang ihahatid naming impormasyon tungkol sa pag-iwas na mabiktima ng krimen.

Mula sa kanan sa likod:
G. Ishihara, G. Sugiyama, G. Yamamoto
Harap: Bb. Saito




Inilabas na ang DVD ng 「*Abu tore!*」!!



Maraming Salamat G. Oishi!! Huwag mong kalimutan si *maneko*, ha!!



# Pagpapakilala

## G. Ishihara

**・Katungkulan**

Pangkalahatang gawain ng grupo, pagplaplano ng Iwas Krimen para sa Kaunlaran ng Bayan, hakbang para maiwasang maganap muli ang krimen atbp.

**・Mensahe**

Ang iwas krimen para sa kaunlaran ng bayan ay mahalagang gawain nang pagkakaisa ng mamamayan, pamahalaan at kapulisan. Hinihiling ko ang pang-unawa at kooperasyon ng lahat.

## G. Sugiyama

**・Katungkulan**

Pagtitipon ng mamamayan, hakbang sa iwas krimen ng mga nangangalakal atbp.

**・Mensahe**

Maraming salamat sa inyong kooperasyon sa mga gawaing iwas-krimen. Naway patuloy ninyong suportahan ang mga gawain na mabawasan ang mga krimen kahit paunti-unti.

## NEW G. Yamamoto

**・Katungkulan**

Pagtuturo ng iwas-krimen sa kabataan, pagsisiwalat ng impormasyon (kasama na ang website)

**・Mensahe**

Unang pagkakataon ko pa lamang na mapasali sa gawain ng iwas-krimen kaya marami pa akong nais matutunan dito.

## Bb. Saito

**・Katungkulan**

Balita ukol sa iwas-krimen para sa kaunlaran ng bayan, pangangasiwa ng *Aoi* patrol atbp.

**・Mensahe**

Ngayong taon, nais kong maging sensitibo sa kaganapan sa aking paligid at ibuhos ang isip sa iba't ibang bagay upang mapaunlad ko ang aking sarili.